Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-07 NG PEBRERO, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. GILBERT T. GATCHALIAN | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NOEL G. PINEDA | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. YOLANDA B. AZADA | " |
| KGG. BERNARDO B. OPLE, JR. | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | Kasangguni |
| KGG. ALMA A. GATCHALIAN | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. CHRISTIAN P.C. BAUTISTA | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 10-2019

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY PAHINTULOT AT KAPANGYARIHAN SA PUNONG LUNGSOD, IGG. CHRISTIAN D. NATIVIDAD NA MAKALAGDA AT MAKAPASOK SA ISANG KASUNDUAN (MEMORANDUM OF AGREEMENT) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NG MALOLOS, SANGGUNIANG BARANGAY NG MOJON AT NG BULACAN STATE UNIVERSITY - COLLEGE OF EDUCATION PARA SA PROYEKTONG KABANYUHAY.

Akda nina: IGG. NINO CARLO C. BAUTISTA,
IGG. ALMA A. GATCHALIAN, IGG. YOLANDA B. AZADA,
IGG. FRANCISCO J. CASTRO AT IGG. ENRICO C. CAPULE

SAPAGKAT, itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o' mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

SAPAGKAT, pangunahin sa layunin ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ang pagkakaloob ng dekalidad na antas ng edukasyon sa mga kabataan nito at pagpapalakas ng sistemang umiiral patungkol sa edukasyon at paglinang sa kakayahang intelektwal, pisikal at emosyonal ng mga kabataang Malolenyo;

SAPAGKAT, kinikilala ng estado alinsunod sa itinatadhana ng Seksyon 13, Artikulo 2 ng 1987 Saligang Batas ng Pilipinas ang mahalagang gampanin ng kabataan sa paghubog at pagpapa-unlad ng bansa kung kaya't gampanin ng estado na siguraduhin ang pagpapalakas ng sektor na ito;

SAPAGKAT, ang Bulacan State University - College of Education (BulSU-CoEd) ay isang institusyong naghahandog ng de kalidad na edukasyong tersiyarya na umiiral sa Lungsod ng Malolos at nagsusulong ng mga proyektong pangkalinangan at pangkaunlaran ng komunidad sa paligid nito.

SAPAGKAT, ang Sangguniang Barangay ng Mojon ay katuwang ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos sa pagsusulong ng pagkakaroon ng dekalidad na serbisyo sa mga mamamayan nito gayundin ang pagpapataas sa antas ng edukasyon sa lungsod;

SAPAGKAT, ang KABANYUHAY o Kalinga sa Bagong Anyo ng Buhay ay isang proyekto ng Bulacan State University - College of Education na naglalayong magbigay ng teknikal na suporta sa larangan ng pagtuturo sa mga batang mag-aaral ng Early Childhood Care and Development Centers o ECCD ukol sa makabagong istratehiya at metodolohiya sa paglinang sa kaalaman at kakayahan ng mga batang ito;

SAPAGKAT, ang proyektong ito ay malaking tulong sa pag-abot ng mithiin ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos at ng Sangguniang Barangay ng Mojon na mapalakas ang kasalukuyang ECCD Centers at gawing modern ang nasabing mga pasilidad;

Sa kahilingan ni Igg. Yolanda B. Azada na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya na binibigyan ng kapangyarihan at pahintulot ang Punong Lungsod, Igg. Christian D. Natividad na makalagda at makapasok sa isang kasunduan (Memorandum of Agreement) sa pagitan ng Pamahalaang Panlungsod, Sangguniang Barangay ng Mojon at ng Bulacan State University - College of Education para sa proyektong Kabanyuhay.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NOEL G. PINEDA**
KASANGGUNI

***KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

***KGG. ALMA A. GATCHALIAN**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

***KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. YOLANDA B. AZADA**
KASANGGUNI

**KGG. BERNARDO B. OPLE, JR.**
KASANGGUNI

***KGG. CHRISTIAN P.C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

***KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer III**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**INH. GILBERT T. GATCHALIAN**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo
**wala sa panahon na pinagtibay ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod

*DhorieTrogo(SDC2)*020719